Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-13 NG ABRIL, 1998, LUNES, SA GANAP NA IKA-9:35 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. NARCISO O. INFANTE.............. PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan.... Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon.................. Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez................ Kagawad
Kgg. Celestino D. Pamatmat............. Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison.................. Kagawad
Kgg. Miguel M. Asinas.................. Kagawad
Kgg. Mario M. Mangahas................. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco............... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villasenor............. Kagawad
Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Ariel T. Magcalas................. Kagawad

## KAPASIYAHAN BLG. 065-T'98

KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA TAGAPAMAHALA NG MERALCO, SANGAY NG SANTA CRUZ, LAGUNA NA IBALIK SA MGA KOLE[redacted]OR NG NATURANG TANGGAPAN ANG PANININGIL NG ELECTRIC BILL P[redacted]A KAPAKANAN AT KALUWAGAN SA PAGBABAYAD NG MGA MAMAMAYAN SA BAYANG ITO.

**SAPAGKA'T,** malaking suliranin para sa mga nakikinabang sa serbisyo ng Meralco ang pagbabayad ng singil sa kuryente o "electric bill";

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez at Bernardo E. Ison, at sa buong pagkakaisa at pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** na mapitagang hilingin sa Tagapamahala ng Meralco, Sangay ng Santa Cruz, Laguna, na ibalik sa mga kolektor ng naturang tanggapan ang paniningil ng Electric Bill para sa kapakanan at kaluwagan sa pagbabayad ng mamamayan sa bayang ito.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Tagapamahala ng Meralco, Sangay ng Santa Cruz, Laguna, Kgg. Punong Bayan, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTUO:

NARCISO O. INFANTE
Pang. Punong Bayan/Tagapangulo

PINAGTIBAY:

TOUE